



Protektahan ang Iyong Sarili at ang Iyong Komunidad

MAGPABAKUNA TAYO

Narito ang mga sagot sa 5 pinakakaraniwang tanong mula sa mga kawani na nagtatrabaho sa mga pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga sa Distritong Pangkalusugan ng Fairfax.

1

Bakit ako magpapabakuna kung magkakasakit lang din naman ako?

Bagama't maaari pa ring makakuha ng COVID-19 at trangkaso ang ilang tao pagkatapos mabakunahan, pinapababa ng mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso ang iyong panganib sa mas malulubhang resulta gaya ng malubhang sakit, pagkakaospital, at kamatayan at binabawasan ang iyong pagkakataong maikalat ito sa iba.

- Ang mga taong hindi napapanahon sa bakuna sa COVID-19 ay **2.5 beses na mas malamang na maospital dahil sa COVID-19** kaysa sa mga napapanahon sa bakuna.
- Ang mga taong hindi nabakunahan laban sa trangkaso noong nakaraang taon ay **57% mas malamang na maospital** dahil sa trangkaso kaysa sa mga nabakunahan na.

2

Nagkaroon na ako ng COVID-19. Bakit dapat akong magpapabakuna?

Nagbibigay ng ilang proteksyon laban sa virus ang pagkakaroon ng COVID-19 ngunit humihina ito sa paglipas ng panahon. Kung 3 buwan na ang nakalipas mula noong huli kang nahawahan, dapat mong kunin ang pinakabagong bakuna sa COVID-19 na available sa iyo. Ang mga taong nabakunahan pagkatapos makakuha ng COVID-19 ay:

- Mas maliit ang posibilidad na magkaroon ulit ng COVID-19 at
- Mas maliit ang posibilidad na mag-ulat na nakakaranas ng matagal na COVID

3

Magkakasakit ba ako dahil sa mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso?

Ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso ay hindi naglalaman ng virus at hindi ka maaaring magkasakit sa mga sakit na ito. **Normal lang ang ilang maliliit na epekto** at maaaring kabilang ang:

- Pananakit, pamumula, o pamamaga sa bahaging iniksiyunan
- Pananakit ng ulo, pangginginig, lagnat

Karaniwang napapamahalaan ang anumang side effect gamit ang over-the-counter na gamot sa pananakit. Maraming lugar ang **may available na flexible na pag-iiskedyul** para sa mga appointment sa bakuna kabilang ang mga appointment sa gabi, Sabado at Linggo kung nag-aalangan kang lumiban sa trabaho.

Nasa mas mataas na panganib ang mga nakatatanda at taong may mahinang immune system para sa malubhang sakit, pagkakaospital, at pagkamatay mula sa COVID-19 at trangkaso.

Umaasa sila sa **IYO** para manatili silang ligtas at malusog!



4

Nakakuha na ako ng ilang dosis ng COVID-19. Bakit kailangan kong kumuha ng isa pa?

Nagbabago sa paglipas ng panahon ang mga virus na nagdudulot ng COVID-19 at trangkaso. Dagdag dito, humihina rin sa paglipas ng panahon ang proteksyong ibinibigay ng mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso laban sa malubhang sakit.

- Palakasin ang kakayahan ng iyong katawan na labanan ang sakit sa baga sa pamamagitan ng pagkuha ng mga pinakabagong bakunang available sa iyo.
- Binuo ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso **para i-target ang mga kasalukuyang lumalaganap na strain** ng mga virus na ito, na nagbibigay ng higit na proteksyon.

5

Makakaapekto ba sa pagkakaroon ng anak ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso?

Walang katibayang nagpapakita na nagdudulot ang anumang bakuna, kabilang ang mga bakuna sa COVID-19 at trangkaso, ng mga problema sa pagkakaroon ng anak sa mga babae o lalaki. **Nakakatulong ang pagpapabakuna sa pagprotekta sa iyo at sa iyong sanggol mula sa malubhang sakit** at inirerekomenda ito para sa mga taong buntis o nagpaplanong magbuntis.

- **Mas malamang na magkasakit ng malubha mula sa COVID-19 at trangkaso ang mga taong buntis** kumpara sa mga taong hindi buntis.
- Ang mga taong nakakuha ng COVID-19 o trangkaso sa panahon ng pagbubuntis ay **nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng mga komplikasyon** na maaaring makaapekto sa iyong pagbubuntis at namumuong sanggol.

Mga Mapagkukunan ng Bakuna

Mga Madalas Itanong tungkol sa COVID-19 sa CDC:
www.cdc.gov/coronavirus/2019-ncov/vaccines/faq.html

Mga Madalas Itanong tungkol sa Trangkaso sa CDC:
www.cdc.gov/flu/season/faq-flu-season-2022-2023.htm

fairfaxcounty.gov/health



Ligtas at mabisa ang bakuna sa COVID-19.

- **Mas ligtas** na makakuha ng bakuna kaysa makakuha ng COVID-19.
- Libo-libong kalahok ang **nasuri sa mga klinikal na pagsusubok** para sa kaligtasan at pagkamabisa ng bakuna.
- Natugunan ng bakuna ang mahigpit na pamantayan sa kaligtasan mula sa Pangasiwaan ng Pagkain at Gamot (Food and Drug Administration, FDA) ng U.S.
- **Milyon-milyong** katao na ang ligtas na nabakunahan sa U.S.
- Para sa mga nag-aalala tungkol sa mga bakunang mRNA, **available ang bakunang COVID-19 Novavax** at gumagamit ito ng parehong teknolohiyang ginagamit sa iba pang bakuna kabilang ang trangkaso, whooping cough, at Hepatitis B.

Maghanap ng bakuna sa vaccines.gov

